Pahayag ng Hindi Pandidiskrimina

Sumusunod ang lahat ng Entidad ng Johns Hopkins Medicine sa mga naaangkop na batas para sa mga karapatang sibil ng Pederal, Estado at hurisdiksyon.

Ipinagbabawal ng aming mga patakaran ang diskriminasyon, na kinabibilangan ng hindi magandang pakikitungo (kabilang ang pambu-bully, pang-aabuso o panliligalig) ng isang indibidwal dahil sa kanilang lahi, kulay, relihiyon, etnisidad, ninuno, bansang pinagmulan, edad, katayuan sa kasal, sosyo-ekonomikong katayuan, wika, pisikal na kapansanan o kapansanan sa pag-iisip, kasarian, aktwal o pinaghihinalaang sekswal na oryentasyon, pagkakakilanlan o pagpapahayag ng gender, katayuan sa HIV/AIDS, o batay sa pakikipag-ugnayan sa ibang indibidwal dahil sa aktwal o pinaghihinalaang sekswal na oryentasyon ng indibidwal na iyon, pagpapahayag ng gender o katayuan sa HIV/AIDs, o anumang iba pang protektadong katayuan tulad ng tinukoy ng Pederal, Estado , o lokal na batas.

Nagbibigay din ang Mga Entidad ng Johns Hopkins Medicine ng mga serbisyo tulad ng:

- Mga kwalipikadong interpreter ng sign language para tulungan ang mga tao na makipag-usap nang mabisa kung kinakailangan; nakasulat na impormasyon sa iba pang format (malalaking titik, audio, naa-access na mga elektronikong format, iba pang format);

  at
- Mga makatuwirang akomodasyon o pagbabago sa kanilang mga patakaran, gawi, at pamamaraan batay sa kapansanan, maliban kung magreresulta ito sa hindi nararapat na kahirapan o pangunahing pagbabago ng programa;
- Mga makatuwirang akomodasyon batay sa mga mataimtim na pinanghahawakang relihiyosong paniniwala na hindi nagdudulot ng malaking pasanin; at
- Mga serbisyo sa wika, tulad ng mga kwalipikadong interpreter at impormasyong nakasulat sa ibang wika, para sa mga taong hindi Ingles ang pangunahing wika.

Kung kailangan mo ang mga serbisyong ito, ikaw o ang iyong kinatawan ay maaaring magbigay-alam sa miyembro ng iyong team sa paggamot, tulad ng nars, advanced practice practitioner, o doktor. Ibinibigay nang libre ang mga serbisyo ng interpreter at itinalagang mga tool sa komunikasyon ng JHM.

Kasama sa mga organisasyong sumusunod sa Abisong ito (sa kabuuan, ang “Mga Entidad ng Johns Hopkins Medicine [JHM]”) ang lahat ng lokasyon kung saan nagbibigay ang mga miyembro ng workforce ng Johns Hopkins ng pangangalagang pangkalusugan sa publiko. Kung naniniwala ka o ang iyong kinatawan na ang Entidad ng Johns Hopkins Medicine kung saan nakatanggap ka ng mga serbisyo ay nandiskrimina laban sa iyo o nabigong ibigay ang mga serbisyong ito batay sa mga kasanayan sa diskriminasyon, ikaw o ang iyong kinatawan ay maaaring makipag-ugnayan sa Departamento ng Mga Ugnayan sa Pasyente (o iba pang naaangkop na punto ng pakikipag-ugnayan) para iulat ang iyong mga alalahanin tungkol sa Entidad ng JHM kung saan ibinigay ang pangangalaga. Sumangguni sa website ng Mga Karapatan at Responsibilidad ng Pasyente ng JHM para sa impormasyon sa pakikipag-ugnayan.

Maaari ka ring maghain ng reklamo para sa karapatang sibil sa mga sumusunod na Pederal na Ahensya:

- U.S. Department of Health and Human Services
  200 Independence Avenue, SW Room 509F, HHH Building
  Washington, D.C. 20201
  1-800-368-1019, 800-537-7697 (TDD)
  Available ang mga form ng reklamo sa https://www.hhs.gov/ocr/complaints/index.html

- U.S. Commission on Civil Rights
  1331 Pennsylvania Avenue, NW
  Washington, DC 20425
  Telepono: 1-202-376-8128, TTY Relay sa Pagsasalita: 711
  Website: https://www.usccr.gov/contact/complaints

Kung nakakatanggap ka ng pangangalaga sa Lungsod ng Baltimore, maaari kang maghain ng mga reklamo para sa karapatang sibil sa sumusunod na ahensya:

- Community Relations Commission
  The Office of Equity and Civil Rights
  7 East Redwood Street, 9th Floor
  Baltimore, MD 21202
  Oras: 9AM at 4:30PM.
  Telepono: 1-410-396-3143
  Email: CRCIntake@baltimorecity.gov
  Website: https://civilrights.baltimorecity.gov/community-relations-commission/law

Kung nakakatanggap ka ng pangangalaga sa County ng Montgomery, maaari ka ring maghain ng mga reklamo para sa karapatang sibil sa sumusunod na ahensya:

- Sa Montgomery County Office of Human Rights sa mga sumusunod na paraan:
  21 Maryland Avenue, Suite 330, (sa ikatlong palapag ng Rockville Library)
  Rockville, Maryland 20850
  Telepono: 1-240-777-8450
  Email: Human-RightsAdministration@montgomerycountymd.gov
  Website: https://www.hhs.gov/civil-rights/index.html